




## Ang Healthy San Francisco ay Hindi Insurance sa Kalusugan

Ang Healthy San Francisco ay hindi insurance sa kalusugan. Itinuturing ka pa ring walang insurance. Maaari kang magbayad ng multa dahil sa hindi pagkakaroon ng insurance sa kalusugan.

**Mas magandang opsyon ang insurance sa kalusugan kaysa sa Healthy San Francisco, kung makakakuha ka nito.** Binibigyan ka ng insurance sa kalusugan ng mas maraming benepisyo at serbisyo, at sinasaklaw ka rin nito kapag nagkasakit o napinsala ka sa labas ng San Francisco.




## Para sa higit pang Impormasyon

Upang matuto pa, bisitahin ang **healthysanfrancisco.org.**

Tumawag sa Healthy San Francisco Serbisyo sa Customer: **1(415) 615-4555**

Narito kami upang tumulong. Maaari mo kaming tawagan sa Lunes hanggang Biyernes, mula 8:00am–5:00pm.

Maaari ka ring mag-email sa amin sa: **info@healthysanfrancisco.org**

HealthySF[SM]
OUR HEALTH ACCESS PROGRAM

©2026 Healthy San Francisco


001266CTL 0426

HealthySF[SM]
OUR HEALTH ACCESS PROGRAM



# IMPORMASYON SA PROGRAMA AT GABAY SA PAGPAPATALA





**Lungsod at County ng San Francisco**
Department of Public Health
Na-update noong Setyembre 2025

**healthysanfrancisco.org**

WELCOME SA

# Healthy San Francisco

Nag-aalok ang Healthy San Francisco (HSF) ng mga abot-kayang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa mga taong walang insurance na nakatira sa San Francisco. Makakatulong ito sa iyo ng makakuha ng pangunahin, tuloy-tuloy, at de-kalidad na pangangalagang pangkalusugan.

## Kwalipikado Ka Ba?

Maaari kang makakuha ng HSF kung ikaw ay:

- Nakatira sa San Francisco
- Walang insurance
- Hindi makakakuha ng Medi-Cal o Medicare
- 18 taong gulang pataas
- Nakakatugon sa kinakailangang kita ng sambahayan ng HSF

## Paano Ako Mag-a-apply?

Upang mag-apply para sa HSF, kakailanganin mong makipag-usap sa assistor sa aplikasyon sa programa. Hihilingin sa iyo na magpakita ng mga dokumento tulad ng iyong photo ID, patunay na nakatira ka sa San Francisco, at patunay ng kita ng sambahayan. Sa panahon ng prosesong ito, ipapaalam sa iyo ng assistor kung kwalipikado ka para sa HSF.



## Maghanap ng Lugar para sa Pagpapatala

Maraming lugar para sa pagpapatala sa HSF sa San Francisco. Upang maghanap ng isang malapit sa iyo, mangyaring bumisita sa **healthysanfrancisco.org** o tumawag sa Serbisyo sa Customer ng Healthy San Francisco sa **1(415) 615-4555.**

## Mga Bayarin sa Programa

May dalawang uri ng mga bayarin na maaaring kailanganin mong bayaran pagkatapos mong sumali sa HSF. Tinatawag ang mga itong mga bayarin ng kalahok at mga babayaran kung saan ipinagkakaloob ang mga serbisyo.

## Mga Bayarin ng Kalahok

Ang iyong bayarin ng kalahok ay batay sa laki at kita ng iyong sambahayan. Kung mas mababa ang iyong kita sa isang partikular na halaga, maaaring hindi mo na kailanganing bayaran ang bayarin ng kalahok. Ang mga bayarin ng kalahok ay mula $0 hanggang $450 at binabayaran nang apat na beses sa isang taon. Maaari mong bayaran ang iyong mga bayarin sa pamamagitan ng koreo o online.

## Mga Babayaran Kung Saan Ipinagkakaloob ang Mga Serbisyo

Ang babayaran kung saan ipinagkakaloob ang mga serbisyo ay ang babayaran mo kapag nakatanggap ka ng mga serbisyo sa kalusugan. Ito ay maaaring pagbisita sa iyong doktor, pagkuha ng gamot, o pagpunta sa emergency room. Ang halaga ng bayaring ito ay nakadepende sa iyong Medical Home at sa kita ng iyong sambahayan. Kung mas mababa ang iyong kita sa isang partikular na halaga, maaaring hindi mo kailangang magbayad ng bayarin sa kung saan ipinagkakaloob ang serbisyo.



## Mga Serbisyo at Benepisyo ng Programa

Makakatanggap ang mga kalahok sa HSF ng mga serbisyo ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan tulad ng:

- Pang-iwas sa sakit, regular, at espesyal na pangangalaga
- Mga inireresetang gamot
- Pangangalaga sa ospital
- Mga serbisyo sa pag-inom ng alak at paggamit ng droga
- Pangangalaga sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo ng ambulansya (pang-emergency na transportasyon sa loob lang ng San Francisco)
- Mga serbisyo at pagsusuri sa laboratoryo
- Mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya

## Mga Serbisyong Hindi Kasama

Hindi nag-aalok ang HSF ng mga partikular na serbisyo sa kalusugan, tulad ng pangangalaga sa ngipin, pangangalaga sa paningin, acupuncture, pangmatagalang pangangalaga, at higit pa. .

## Higit Pang Benepisyo

Makakakuha ang lahat ng kalahok sa HSF ng ID Card ng kalahok, handbook ng kalahok, at mga materyales para sa edukasyong pangkalusugan. Maaari mo ring tawagan ang aming mabait na Customer Service Center team na makakatulong sa pagsagot sa anumang tanong.

HealthySF[SM]

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM